IBON

Hulyo 2024

PRAYMER

Ang Pagsahol sa Bagong Pilipinas

Humaharap ngayon sa ibayong kahirapan ang mamamayan matapos ang pangalawang taon ng gobyernong Marcos Jr, habang todong pinagtatakpan nito ang sumasahol na krisis at haling na nangangayupapa sa imperyalismong US.

Walang tigil ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin at bayarin, pero kusing na umento ang tugon ng gobyernong panay ang pasikat sa mga dayuhan at namumuhunan. Walang matinong trabahong nahahanap ang mga nais magkahanapbuhay, pero tuloy lang ang pambobola ni Marcos Jr na namumukod-tangi raw ang ekonomiya ng Pilipinas sa rehiyon.

Dalawang taon ng pagrampa sa *abroad*. Dalawang taon din ng pagpapatupad ng mga batas na pumapabor sa mga kroning oligarko at dayuhan, at sa sariling pamilya. Dalawang taon na kaladkarin sa lahat ng hiling at kagustuhan ng US. Dalawang taon ng bulok na politika at kawalan ng demokrasya. Habang pinakakanta at pinabibigkas sa atin ang “Bagong Pilipinas” sa araw-araw, na para bang isang kasinungalingan na kapag inulit-ulit, sa kalaunan, ay magiging totoo.

114 Timog Avenue,
Quezon City,
1103 Philippines
Tels. +63 2 8927 7060 to 61
Fax +63 2 8929 2496
www.ibon.org

Pero hindi maitatanggi ni Marcos Jr na sa loob lang ng dalawang taon ay gumuguho na ang pagpapanggap nitong pagiging mabait at di-tulad ni Duterte, gayong pinagpatuloy lang niya ang kasamaan ni Duterte. Wala pang dalawang taon, biyak na rin ang nagpapanggap na pagkakaisa ng dalawang dinastiya, at lumalabas na magkasing-sahol lang sila sa kasakiman, panunupil at pagiging tuta sa dayuhan.

Masahol ang kinakaharap ng mamamayan, pero mas nagiging malinaw ang mga solusyon.

1 Ano ang talagang kalagayan ng ekonomiya ng bansa, sa kabila ng magagandang salita ni Bongbong Marcos?

Bumabagal ang produksyon, numinipis ang manupaktura at agrikultura, lumolobo ang utang, at lumalaki ang depisito sa kalakalan. Sa ordinaryong mamamayan, ramdam ang krisis na ito sa kawalan ng trabaho, mababang sahod at kita, tuloy-tuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin, at matinding kahirapan.

Sa *Philippine Economic Briefing* na idinaos ng gobyernong Marcos Jr kamakailan, sinabing "*brightest it has ever been*" ang tanaw ng ekonomiya. Magiging "*economic giant*" na raw ang bansa na may "*trillion-dollar economy*" sa 2033, at malalampasan ang bansang France sa 2075.

Bumabagal ang produksyon

Pero nagbalik na sa pagbagal ang *gross domestic product* (GDP) na nagsimula noong 2017 (6.9%), 2018 (6.3%), 2019 (6.1%), 2020 (-9.5%), 2021 (5.7%), 2022 (7.6%), at 2023 (5.6%). Nasa 5.7% na ang paglago ng GDP sa unang kwarto ng 2024, mula 8.1% sa unang kwarto ng 2022, at 6.4% sa parehong panahon noong 2023. Imposible rin ang trillion-dollar economy sa 2033. Para mangyari ito, kailangang lumago ang GDP nang 9.6% taon-taon.

Pero mismong taya ng gobyerno ay hindi umaayon sa sarili niyang mga ilusyon. Sa opisyal na taya ng Development Budget Coordination Committee (DBCC) nasa 6-7% lang ang paglago ng GDP ngayong taong 2024 at 6.5%-7.5% sa 2025. Kahit ang International Monetary Fund (IMF), World Bank, Asian Development Bank (ADB), at ASEAN+3 Macroeconomic Research Office ay tumatantsang nasa 5.8-6.5% lamang ang paglago sa 2024 at 2025.

Paurong nang paurong

Nasa 8.6% na lamang ng GDP ang bahagi ng agrikultura, ang pinakamaliit sa buong kasaysayan ng bansa. Ang manupaktura naman ay 17.9% na lang ng GDP, pinakamaliit na bahagi sa loob ng 75 taon.

Numipis din ang bahagi ng agrikultura sa empleyo, mula 48% (10 milyon) noong 1987 tungong 23.2% (11.2 milyon) na lamang sa huling datos. Gayundin sa manupaktura, 7.3% (3.5 milyon) na lang ang bahagi nito sa empleyo, kumpara sa 9.8% (2.0 milyon) noong 1987.

Indikasyon ang mga kaganapang ito ng pagka-atrasado ng ekonomiya. Walang sumasapat na tantos ng paglago ng GDP kung ang produktibong sektor na mga ito ang dumadausdos.

Masaklap pa rito, nasa 65-70% ang dayuhang pag-aari sa sektor ng manupaktura. Sa *Top 1,000 corporations*, 56.3% naman ang bahagi ng dayuhang *transnational corporations* (TNCs) sa kita ng sektor.

Lumalaking utang at depisito sa kalakalan

Nakakalula naman ang utang ng Pilipinas, na umaabot sa Php15.3 trilyon nitong Mayo 2024. Nasa Php 111 bilyon ang buwanang average na pagtaas sa *debt stock* o kabuuang utang ng pambansang gobyerno. Pinakamalakas umutang ang administrasyong Marcos Jr kumpara sa tatlong sinundan nitong mga administrasyon. Nasa Php 204.7 bilyon ang average na inutang ni Marcos Jr sa loob ng 23 buwan; Php95 bilyon kay Duterte sa loob ng 72 buwan; Php19 bilyon kay Aquino sa loob ng 72 buwan; at Php21.2 bilyon kay Arroyo sa loob ng 114 buwan.

Para lang mailarawan ang laki ng utang, nagkakautang ang bawat pamilyang Pilipino ng Php558,114, o Php136,543 bawat isa sa 112.4 milyong populasyon. Napakalaki rin ng halagang awtomatikong ipinapambayad para sa interes lang – Php699.2 bilyon o 12.1% ng pambansang badyet para sa 2024.

Matakaw ang ekonomiya ng Pilipinas sa dolyar. Ito ay para maging unan ng mga dayuhang namumuhunan at nagpapautang. Pabor sa kanila ang may nakahandang pera sa ekonomiya. Ito ay para rin tustusan ang *export-import* na negosyo ng mga dayuhan at lokal na komprador at ang pagiging palaasa ng Pilipinas sa mga *imported* na produkto.

Kroniko ang depisito ng bansa sa balanse sa kalakalan, isang kalagayan na pabor sa mga mangangalakal. Isang kalagayan na pabor din sa mga nagpapautang dahil palagi tayong mangungutang. Isang kondisyon din na pinalala pa ng administrasyong Marcos Jr.

Nang sumabak sa malakihang programang pang-imprastraktura ang gobyernong Duterte, umabot sa US$43.5 bilyon ang depisito noong 2018, doble sa naunang taon at pinakamalala sa kasaysayan. Palibhasa nakaasa lang naman sa imported na materyales ang ambisyosong programa. Sa kabila ng kapalpakan nito, ipinagpatuloy pa rin ito ng gobyernong Marcos Jr sa pamamagitan ng Build Better More, ang pagtuon sa imprastrakturang nakaasa sa imported, na nagpalala sa depisito na umaabot US$58.2 bilyon sa tala noong 2022.

Lumalalang kawalan ng trabaho

Dahil sa pagiging atrasado at bangkarote ng lokal na ekonomiya, wala itong kakayahan na lumikha ng makabuluhang trabaho. Malawak ang disempleyo, habang ang kalakhan ng sinasabing trabaho ay pawang mga walang katiyakan.

Sa taya ng IBON batay sa opisyal na datos nitong Abril 2024, may 7 milyon ang walang trabaho kung tutuusin, kabilang ang 1.9 milyong '*discouraged workers*' na hindi na sinasama ng gobyerno sa pwersa ng paggawa, at ang 3.1 milyong *unpaid family workers*, na patuloy pa ring sinasama ng gobyerno bilang *fully employed*.

Nasa 20 milyon o 41.1% ng kabuuang empleyo ang lantarang impormal, o yaong mga *self-employed*, nagtratabaho sa mga sakahan o 'negosyo' ng pamilya, at namamasukan sa bahay bilang katulong. Aabot ang impormal na trabaho sa mahigit 70% ng kabuuang empleyo kung isasama pa ang mga manggagawa sa maliliit na negosyo at tindahan.

Sa opisyal na employed, umaabot din ng 7 milyon ang *underemployed*, o yaong mga nakukulangan sa trabaho at naghahanap pa ng iba. Malaki na rin ang bilang ng mga *part-time.*

Lalong makikita ang kahinaan ng ekonomiya sa sitwasyon na pinakamatindi ang tama ng kawalan ng trabaho sa kabataan (edad 15-24), ang rurok ng pagiging produktibo. Bumagsak nang halos kalahating milyon – 417,000 – mula 6.3 milyon tungong 5.9 milyon – ang bilang ng kabataang may trabaho. Halos isang milyon naman o 811,000 ang bilang ng kabataang underemployed – na dumami nang 143,000 mula 669,000. Mahigit doble ang opisyal na tantos ng disempleyo sa hanay ng kabataan (10.5%) kumpara sa pangkalahataan (4.1%).

Mababa ang ambisyon ng gobyernong Marcos Jr sa paglikha ng trabaho. Pero maski ang mababang target na 500,000 trabahong malilikha kada taon sa ilalim ng Labor and Employment Plan (LEP) 2023-2028 ay malayo pa rin sa riyalidad ng 297,000 trabaho lamang ang nadagdag sa kasalukuyang datos.

Binubusabos ang manggagawa

Tuloy-tuloy ang pagtaas ng presyo ng bilihin at bayarin, maliban sa presyo ng paggawa. Pinanatili ng gobyernong Marcos Jr ang busabos na pasahod sa bansa, at ginagamit lang ang katiting na umento (laluna kapag palapit na ang SONA) bilang tangkang busalan ang naghuhumiyaw na mga manggagawa.

Sa taya ng IBON ngayong Hunyo 2024 sa National Capital Region (NCR), mangangailangan ng Php1,190 nakabubuhay na sahod kada araw ang isang pamilyang may limang myembro. Ang minimum na arawang sahod sa NCR, kasama na ang baryang Php35 na umento, ay abot lang ng Php645, mahigit kalahati (54%) lang ng binanggit na *family living wage* (FLW).

Sa unang dalawang taon ni Marcos Jr, hindi niya nahabol ang pagbagsak ng tunay na halaga ng sahod. Dahil sa tindi ng implasyon at kakulangan ng substansyal na taas-sahod, Php504 ang tunay na halaga ng kasalukuyang Php610, mas mababa pa rin kesa Php508 sa pagtatapos ng termino ni Duterte.

Napakabilis ng pagtaas ng presyo ng mga pagkain at produktong agrikultural, kahit pa ibinabalitang bumagal na ang pangkalahatang implasyon. Pinaka-nakababahala ang pagtaas ng presyo ng bigas, na umaabot sa 24% tantos

ng implasyon. Ipinangako ng Rice Tariffication Law o liberalisasyon ng imported na bigas na bababa ang presyo nito. Ipinangako rin ni Bongbong Marcos noong eleksyon na pabababain ito sa Php20 kada kilo.

Ang masakit pa, kahit humupa ang pangkalahatang implasyon, mas mataas at mabilis pa rin ang implasyon para sa pinakamahirap na 30% ng mga pamilya. Ito ay dahil sa pagtaas ng presyo ng pagkain, lalo na ng bigas, na kanilang higit na kinokonsumo.

Tumaas naman nang Php9.30 kada litro ang presyo ng gasolina, Php7.60 sa diesel, at Php6.10 sa kerosene. Tumaas din ang singil sa tubig sa NCR mula 2023, nang Php7.87 kada *cubic meter* sa ilalim ng Maynilad at Php6.42 sa ilalim ng Manila Water. Umaarangkada rin ang komersyalisasyon ng mga *local water districts* sa buong bansa na ipinapasakamay sa mga oligarkong malalapit sa administrasyon.

Bukod sa hindi makahabol ang sahod sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin at singilin, ni hindi rin sumasampa ito sa mismong pamantayan ng kahirapan ng pamahalaan. Walang-kurap na ipinagpipilitan ng National Economic and Development Authority (NEDA) ang napakababang linya ng kahirapan – Php91 kada tao bawat araw, o Php13,797 kada buwan para sa isang pamilyang may limang miyembro. Pero lumalabas na mas mababa pa ang minimum na sahod kesa rito, na umaabot lang ng Php9,614 kada buwan. Mababa pa sa busabos na antas ang pagpapahalaga ng gobyerno sa mga manggagawa.

Marapat lang ang makabuluhang pagtaas ng sahod para maiwasto ang malayong agwat nito sa produktibidad ng mga manggagawa. Sa NCR, lumago nang 62% ang produktibidad ng mga manggagawa mula 2000 hanggang 2023, habang tumaas lang ang kanilang sahod nang 9% sa tunay na halaga. Wala pang 1% ng tubo ng mga kompanya sa NCR ang mababawas sa pagbigay ng Php35 dagdag-sahod.

Ang huling resulta ng *survey* ng Social Weather Station (SWS) nitong Marso 2024 ay silip sa paglala ng kalagayan ng kahirapan sa ilalim ni Marcos Jr. May 21.3 milyon o 76% ng mga pamilya na ang tingin sa sarili ay mahirap o nasa hangganan ng kahirapan. Lumaki rin ang tantos ng mga pamilyang gutom mula 12.6% noong Disyembre 2023 tungong 14.2%.

Tuloy-tuloy ang pagyaman ng iilan

Sa malayong kabilang dulo ng sukatan ng yaman, naroon naman ang ilang pirasong oligarko na walang-humpay na kumakamal ng tubo sa ilalim ng rehimeng Marcos.

Yumaman sila Villar nang Php183 bilyon mula Php431.4 bilyon noong 2022 tungong Php614.3 bilyon ngayong 2024; si Razon nang Php210.3 bilyon mula Php348.2 bilyon tungong Php558.5 bilyon; at si Ang nang Php91.5 bilyon mula Php104 bilyon tungong Php195.5 bilyon. Kapag pinagsama ang yaman nilang tatlo ngayong taon, aabot ito sa Php1.4 trilyon o katumbas ng 22% ng halaga ng ekonomiya ng bansa nitong unang kwarto ng taon.

Lumobo nang 103% ang tubo ng Top 1,000 corporations mula 2020 tungong 2022 sa Php1.8 trilyon; sumirit din nang 23.6% sa Php1.1 trilyon ang *net income* ng 282 *PSE-listed corporations* nitong 2023 mula sa Php930 bilyon noong 2022.

Malayo ang agwat ng pinakamayayaman at mahirap sa bansa. Nasa 2% ng mga pamilya ang kumikita ng Php500,000-Php10 milyon kada buwan, samantalang mga 66% ng mga pamilya ang nabubuhay sa Php26,000 o mas mababa pa kada buwan. At ang pinagsama-samang yaman ng pinakamayamang 2% na aabot sa Php20-25 trilyon ay katumbas ng yamang pinaghahati-hatian ng pinakamahirap na 80% ng populasyon. May Php8.2 trilyon ang 2,945 bilyonaryo sa bansa, habang walang Php500,000 ang hawak ng mga nasa pinakamahirap na 80% ng populasyon.

2 Ano ang totoong tunguhin ng ipinangangalandakang mga programa at patakaran ng gobyernong Marcos Jr para sa ekonomiya?

Pagsandig sa pribado at dayuhang pamumuhunan at produkto ang patuloy na pinagtitibay ng administrasyong Marcos Jr na solusyon diumano para sa pag-unlad ng bayan. Alinsunod sa balangkas na ito ang mga patakaran at programa sa ekonomiya na nag-aalis ng anumang sagka sa pagpasok ng

dayuhang pamumuhunan at importasyon at naglalagay ng mga insentiba para maakit pa ang mga dayuhang korporasyon at malalaking lokal na negosyante.

May pag-eksaherado ang binabanggit na mga benepisyo mula sa pagpapatuloy ng neoliberalismo; may pagkabaliw din ang patuloy na pagyakap dito kung ikokonsidera ang tumitinding krisis sa pandaigdigang ekonomiya. Pero pokus ang gobyernong Marcos Jr sa pagtitiyak ng kapakinabangan sa mga oligarko, kroni, dayuhan, at sa kalaunan sa sariling pananatili. Hindi na kataka-taka kung bakit umuurong ang produktibong kapasidad ng ekonomiya at lumalapad ang agwat ng mayaman at mahirap.

Tumalon ang dayuhang pamumuhunan sa bansa mula US$261.1 milyon noong unang kwarto ng 2023 tungong US$909.8 milyon sa unang kwarto ngayong taon. Ayon naman sa Department of Trade and Industry (DTI), may US$5.28 bilyon na raw ang *actualized* sa higit isang trilyong dolyar na *investment pledges* mula sa pag-rampa ng grupo ni Marcos Jr. sa ibang bansa. Pero pahirap lang na patakaran ang naramdaman ng taumbayan.

Pagsubasta ng enerhiya

Una na nilang ibinukas sa isa sa mga biyahe nila ang sektor ng *renewable energy*, ang usong alternatibo sa maruming *fossil fuels*, at ang rekursong may malaking potensyal ang Pilipinas. Bukambibig ni Marcos Jr ang renewable energy sa pagharap daw sa *climate change* sa pag-aastang kampyon siya ng kalikasan.

Sa isang *circular* ng Department of Energy (DOE), inamyendahan ang Renewable Energy Act (Republic Act (RA) No. 9512) para tanggalin ang rekisitos na dapat Pilipino lang ang magmay-ari ng renewable energy. Maaari nang ariin ngayon nang 100% ng mga dayuhang mamumuhunan ang eksplorasyon, pagpapaunlad at paggamit ng mga rekursong *solar, wind, hydro*, at ocean o *tidal energy*.

Mapanganib ito dahil sa kawalan ng regulasyon o pangangasiwa ng pamahalaan, mawawala sa kamay ng Pilipinas ang gamit at ibang pakinabang sa sarili nitong renewable energy. Maaari ring magpataw ng

di-makatwirang kabayaran ang mga dayuhang korporasyon, pagkaitan ng empleyo at teknolohiya sa paglinang ng rekurso ang mga Pilipino, at mabalewala ang kalikasan sa konstruksyon ng mga pasilidad para rito.

Ang *clean energy* ay isa sa mga "*high impact infrastructure projects*" na kabilang sa Luzon Economic Corridor na naitatag bunga ng naganap na *trilateral summit* sa pagitan ng US, Pilipinas at Japan. Bukod sa ikinalugod ng US ang adyendang militar ng trilateral summit, malaki rin ang ungos na nakuha nito sa kaniyang layunin na manguna sa clean energy.

Nakapwesto naman agad ang Singaporean na Vena Energy, Philippine Geothermal Production Company ng mga Sy, Aboitiz Power Corporation ng mga Aboitiz, at Solar Philippines Power Projects Holdings ng mga Leviste.

Talamak na importasyon ng bigas

Sa bisa ng komitment ng bansa sa World Trade Organization (WTO), patuloy na prayoridad ng administrasyong Marcos ang importasyon ng mga produktong agrikultural, kahit pa may kakayahan ang Pilipinas na iprodyus ang mga ito. Imbes na palakasin ang lokal na agrikultura, nagpapakalunod ang gobyernong Marcos Jr sa pag-angkat, maski ng bigas.

Pinagpatuloy lang nito ang mapaminsalang Rice Tariffication Law o RTL (RA 11203) na sinimulan ni Duterte noong 2019. Mula 3.1 milyong metriko tonelada (MMT) ng imported na bigas noong 2019, tumaas ito nang tumaas at tinataya ng US Department of Agriculture (USDA) na aabot ito sa 4.7 MMT sa 2025. Pinalala pa ito ni Bongbong Marcos sa pamamagitan ng Executive Order (EO) 62 na nagpapababa pa lalo sa taripa sa bigas, mula sa mababa na ngang 35% tungong walang-kasingbabang 15 porsyento.

Kontraryo sa pangako ng liberalisasyon ng importasyon, tumaas ang presyo ng bigas mula Php38 noong 2021 tungong Php51 nitong Hunyo 2024. Papaliit din ang *rice self-sufficiency* ng bansa – umabot na ito sa 77% na lang pagdating ng 2022 sa padron ng pagbaba mula 2021 (81.5%) at 2020 (85%).

Pabulusok ang netong kita ng mga magsasaka mula Php22,243 kada anihan noong 2018 tungong Php19,680 noong 2021. Kung tutuusin, ang

huling importasyon ng bigas ay katumbas sana ng halos 5 MMT ng palay, katumbas ng 25% ng lokal na produksyon sa parehong panahon. Iyan ang ibinabanggang kompetisyon sa mga lokal na magsasaka ng walang kapararakang importasyon ng gobyernong Marcos Jr.

Sa huli, mga *importers* at *traders* ang makikinabang sa mas mababang taripa sa bigas. Ilan sa mga kompanyang hindi bababa sa 30 MMT ang inangkat noong 2023 ang Puregold Price Club, Inc. ni Lucio Co; Davao San Ei Trading, Inc. ni Nestor Ma na kaugnay ni Paolo Duterte; at Arvin International Marketing Inc. ni Joseph Yao.

Phaseout ng jeep sa maka-negosyong modernisasyon

Ipinagpilitan pa rin ni Marcos Jr ang Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP), na sinimulan ni Duterte, kahit sa harap ng malawakang pagtutol ng mga drayber, komyuter at publiko. Unti-unti nang inaalis ang mga tradisyonal na *public utility vehicles* (PUV) kasama ang mga jeep at pinapalitan ng mga modernong yunit na dapat pumasailalim sa konsolidasyon.

Malinaw na naiparating ng sektor at mga grupong nagmamalasakit ang mga argumentong: (1) Lalala lang ang trapiko at lalong hihirap ang komyut sa pagkabawas ng mga ruta at sasakyan; (2) Magmamahal ang pasahe sa Php40-Php50 sa susunod na mga taon; (3) Malaki ang hinihinging kapital para sa modernisasyon – Php2-3 milyon kada yunit at iba pang kaakibat na gastusin para sa konsolidasyon; at (4) Pabor lang ang programa sa mga dayuhang korporasyon na nagtitinda ng mga modernong sasakyan at sa malalaking lokal na negosyo sa *real estate* at transportasyon.

Sa isang konsultasyong isinagawa ng Tanggol Pasada Network kamakailan, naglahad ang mga jeep na nagpakonsolida na ng pagkabaon sa utang. Sa panig ng mga komyuter, ininda nila ang Php1-2 na mas mahal na pamasahe sa mga modernong yunit na hindi naman komportableng katulad nang ipinangako. Kulang na din ang bumabyaheng sasakyan at napipilitang maglakad ang maralita na hindi naman kayang magbayad nang mahal sa traysikel, motorsiklo o taksi.

Malalaking negosyante ang may kakayahang mangapital sa PUVMP at tiyak na kikita kapag bumwelo na ang programa. Meron nang *e-vehicles* (Byahe) sina Manny Pangilinan na pumapasada sa Cebu. May Beep Jeeps ang mga Araneta at MetroExpress Connect ang mga Villar. Meron namang 61 modernong sasakyang aprubado na, 36 ang binuo o gawa sa Pilipinas at 25 ang *completely built up* nang inangkat. Pumasok na ang mga modernong sasakyan mula sa Russia, India, at pinakamarami, sa China, at hindi bababa sa Php1 milyon ang presyo ng mga ito. Kahit ang mga lokal na *assembler* ay nag-aangkat ng *components* mula sa mga nabanggit na bansa. Ang ilan sa mga prominenteng tatak ng mga *manufacturer*, assembler, importer, dealer, at *rebuilder* ang Dongfeng, FAW, Foton, Mahindra, Dayun, Hino, Hyundai, Isuzu, Tata, Fuzo, at Tojo.

Build Better More para sa oligarkiya

Para tugunan ang agam-agam ng pribadong sektor, inamyendahan ng administrasyong Marcos Jr ang *implementing rules and regulations* (IRR) ng Build Operate Transfer (BOT) Law, ang balangkas ng *public-private partnerships* (PPPs) at *joint ventures.* Ang mga amyenda: (1) distribusyon ng risgo sa pagitan ng pribado at pampublikong sektor; (2) pagtiyak ng danyos sa *partners* ng pribadong sektor kaugnay ng galaw ng mga regulators ng gobyerno; at (3) pagpapabilis ng proseso sa pag-apruba ng *unsolicited proposal*, o mga proyekto na mula lang sa inisyatiba ng pribadong sektor maski hindi naman tukoy na kailangan ng gobyerno.

Ang pinalawig na BOT Law ang gabay sa pagtatayo ng mga proyektong pang-imprasktura ng gobyernong Marcos Jr sa ilalim ng Build Better More (BBM). May 185 *infrastructure flagship projects* (IFPs) sa ngayon sa ilalim ng BBM, na nagkakahalaga ng Php9.6 trilyon para gawing '*logistics hub in Asia*' ang bansa. Pinipinansyahan ng *official development assistance* (ODA) ang 82 sa mga proyektong ito, ng pambansang badyet ang 51, PPPs ang 42, at ang natitira ay pang-*hybrid financing* ayon sa huling tala ng NEDA.

Tiba-tiba rito ang mga bansang nagpapautang ng ODA at ang kanilang mga sariling *contractors*, ang mga TNCs at dambuhalang lokal na korporasyon ng real estate at imprastraktura, at syempre ang mga dayuhan at malalaking lokal na negosyo na mapapaboran ng magandang imprastraktura.

Agresibo sa ilalim ng gobyernong Marcos Jr ang pangangamkam ng mga oligarko ng espasyo sa syudad para sa kani-kaniyang *business districts* at *real estate projects* – *subdivision* man o *resort, eco-tourism complex*, *commercial centers*, o maski *terminal* o *parking space* ng mga modernong jeep. Talamak din ang mga proyektong reklamasyon para madagdagan pa ang maaaring mapagtayuan. Kadalasan ay hinihiling ito ng mga pribadong korporasyon na pinapadali ng mga *local government units* (LGUs).

Sa ilalim ni Marcos Jr umarangkada rin ang joint ventures, laluna sa mga pampublikong yutilidad. Prominente rito ang PrimeWater Infrastructure Corp. ng mga Villar na kumokopo ng mahigit 100 local water districts sa buong bansa. Tumabo rin ng tubo sina Razon, Pangilinan, Ayala, at Co sa mga nakuha nilang joint ventures sa distribusyon ng tubig. Sila-sila rin ang nagkakamal sa distribusyon ng kuryente sa iba-ibang rehiyon.

Sa kabilang dulo ng espayo ay ang mga komunidad at kabuhayan ng ordinaryong mamamayan na nangangambang palayasin at mapinsala ng mga proyektong ito. Banta ng pagsunog, marahas na demolisyon at pagkasira ng kalikasan kung saan nakasalalay ang kanilang kabuhayan ang nakaamba sa maralita. Samantala, kapos sa trabaho, sahod, kita, at panlipunang serbisyo ang mga komunidad na hindi kailanman makikinabang sa BBM. Dagdag pa ang pagbabayad ng mataas na presyo, buwis, singil, at bulok na serbisyo, katulad ng madumi at patigil-tigil na tubig ng PrimeWater, ang natatamo ng mamamayan.

Pakitang-gilas

Puspusang nagsusumikap ang administrasyong Marcos Jr sa pagpapaganda sa mata ng mga dayuhang negosyante, at kaakibat nito ang pagpapatupad ng mga batas pang-akit. Sa simula pa lang ng kanyang pagiging presidente, naipasa na ni Marcos Jr ang kontrobersyal na Maharlika Investment Fund (MIF) na magmomobilisa ng pampubliko at pribadong pondo para sa mga kritikal na proyektong pang-imprastraktura. Malaking insentiba ito sa mga nais mamuhunan kahit walang ilalabas na pera, at syempre sa kampo ni Marcos Jr na magkaroon ng akses at kontrol sa napakalaking pondo.

Pinalawak pa ang mga insentiba sa ilalim ng Corporate Recovery and Tax Incentives for Enterprises (CREATE) na ipinasa ni Duterte sa kasagsagan ng pandemya, at ginawa ito ng administrasyong Marcos Jr na CREATE More. Pinalawig din ang Ease of Doing Business Act na ipinasa ni Noynoy Aquino para padaliin ang pagpasok ng mga negosyo. Nabanggit na ang Luzon Economic Corridor na tatanghal sa isla bilang lugar ng mga industriyang *export-manufacturing* at *high-technology*. Mahalagang banggitin din na kaugnay din ito ng pagpayag ni Marcos Jr. sa mga malakihang presensya at military exercises ng tropang Amerikano sa isla, kaharap ang Taiwan.

Marami pang batas pang-akit ang prayoridad maipasa ngayong taon, katulad ng rasyonalisasyon ng pagbubuwis sa pagmimina, na matagal nang gustong itulak ni Duterte; ang *amendment* sa Electric Power Industry Reform Act (EPIRA); amendment sa Foreign Investors' Long-Term Lease Act; buwis sa paggamit ng plastic; at iba pang pagpapadali ng kalakalan at pagpapatupad ng mga proyektong pang-imprastraktura. Padadaliin ang kita at tubo at palalawakin ang pagkukunan nito; bibilis din ang kapinsalaan sa mamamayan, kabuhayan at kalikasan.

Ang populismo ni Bongbong

Katulad ni Rodrigo Duterte at ang amang diktador Marcos Sr, gumagamit din si Bongbong ng estilong pambilog ng ulo ng mga nasasaktang mamamayan. Hindi ito para humingi ng paumanhin at magwasto, kundi para pahupain ang kumukulong galit ng mga tao.

Noong sumisirit ang implasyon, itinatag ang Inter-agency Committee on Inflation and Market Outlook na nagbabantay kuno para matiyak na hindi mabubugbog ng implasyon ang mamamayan. Nakakatawang palabas ito, sa halip na magkaroon ng kontrol sa presyo ang gobyerno at substansyal na pagtaas ng sahod.

Tumaas ang alokasyon ng mga programang pang-kahirapan o *cash assistance*, ang mga *regular emergency assistance*, regular social assistance, at iba pang programa tulad ng *free college education*, *free health insurance*, at pagbigay ng direktang *cash subsidies*. Pero sa lawak ng naaabot, dati naman nang token ang mga ito at nagagamit lang para sa pagtangkilik sa mga politiko.

Meron ding Pambansang Pabahay para sa Pilipino (4PH) *socialized housing project* diumano sa buong bansa na may ambisyosong 1 milyong target na pabahay kada taon, na ibinaba na sa 500,000. Kagila-gilalas nga naman ito, samantalang umaabot lang ng 200,000 ang naipapatayo taon-taon.

Ang House of Representatives (HOR) naman, na pinapanguluhan ni Speaker Martin Romualdez, pinsan ng pangulo, ay meron ding pakulong Bagong Pilipinas Serbisyo Fair (BPSF); Cash and Rice Distributions (CARD) program; Start-up, Investment, Business Opportunity and Livelihood (SIBOL); at Farmers Assistance for Recovery and Modernization (FARM). Pinararating sa 82 probinsya ang tulong pagkain, pinansyal at kabuhayan ng BPSF at ang 25-kilo sako ng bigas at *cash* naman ng CARD. Halatang-halata naman ang lapit nito sa 2025 eleksyon at garapalang paggamit sa kaban ng bayan.

Naglunsad din ang administrasyong Marcos Jr, sa pamamagitan ng Department of Social Welfare and Development (DSWD), ng Walang Gutom 2027: Food Stamp Program (FSP). Layon ng gobyerno na umabot sa 300,000 sa buong bansa ang 3,000 paunang larga ngayong Hulyo. Isa raw ito sa prayoridad ng gobyernong Marcos Jr sa paglaban sa gutom, sa pamamagitan ng pagbigay ng dagdag-pagkain sa pinakamahirap na 1 milyong pamilya, na sila rin diumanong nasa *food-poor criteria* ayon sa Philippine Statistics Authority (PSA). Sa pamumuno ng DSWD itinutulak ang Inter-Agency Task Force on Zero Hunger kasama ang mga LGUs at ahensya ng gobyerno para harapin ang *food insecurity* sa bansa. Patawa na naman ito, na para bang ang pagbubuo ng *task force* ay makapagpapabilis sa pautay-utay namang pagresponde sa kagutuman.

Sa huli, trinotrompa ng administrasyon ang Php29 kada kilo na bigas, na para bang nakalimot na tayo sa kanyang Php20 na budol. Pero may 10 lugar lamang sa Metro Manila na pagbebentahan nito at uunahin daw ang mga pinaka-bulnerableng sektor tulad ng mga benepisyaryo ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps), mga PWDs, *solo parents*, at *senior citizens*. Hindi rin ito araw-araw na mabibili kundi Biyernes, Sabado at Linggo lamang sa mga lugar na maglalako ng 300 sako lamang. Mahahanap din daw ang Php29 kada kilong bigas sa mga Kadiwa Center, pero hahanapin mo pa kung saan, kasi nasa 500 lamang ang bilang ng Kadiwa Center sa buong bansa.

Kapos ang mga programang ito, hindi lang sa impak sa gutom at kahirapan, kundi sa mismong intensyon ng gobyerno na manloko. May konti at panandaliang tulong sa mahirap, pero hindi ito ang tugon sa malawak na pag-iral ng mga kronikong problema. Malawak at malalim na solusyon ang dapat ilapat sa dambuhalang mga suliranin. Hindi kayang pagtakpan ng mga programang ito ang mga kasalanan ng gobyernong Marcos Jr – ang pagka-ulol sa neoliberalismo, pagsamba sa dayuhang pamumuhunan, pagpapayaman ng iilang oligarkiya, korap at elitistang pamumuno, at ang pag-una sa sarili at iilan kaysa mamamayan.

Hindi rin nagsisilbing tabing ang mga ito sa katotohanan na nasa pinakamasahol sa ngayon ang kalagayan ng politika at pamumuno sa bansa.

3 Bakit sinasabing nasa pinakamasahol sa ngayon ang pampolitikang kalagayan?

Una, may sasahol pa pala sa tiranikong pamumuno ni Duterte. At iyan ang pagpapatuloy nito sa bihis ng nagkukunwaring mabait at kaiga-igayang anak ng diktador at pamilya ng magnanakaw at walang anumang rekord ng pagmamalasakit sa taumbayan. Tatak Marcos.

Pangalawa, may pagtatangka pang magpakita ng pagkakaisa ang dalawang masahol na dinastikong pamilya. Pero mabuway ang pagkakaisang ito, dahil nga magkasing-sahol sila, at nagdudulot ito ng walang-kasing-sahol na bangayan.

Biyak na ang Uniteam ni Bongbong at Sara – magkaiba pa sila ng sagot kapag tinatanong kung buo pa ba ito. Hindi pa man pumapasok sa *mid-term* ng termino ni Bongbong, abala na ang dalawang kampo sa pag-preserba o pag-agaw ng pwesto sa kapangyarihan.

Garapal ang nangyaring hiwalayan, walang pagkapino, walang dangal. Tumutol pa si Sara sa *Charter change* (Cha-cha) ni Bongbong dahil lang banta ito sa layon niya na sa wakas ay maokupa ang pinakamataas na posisyon sa poder. Lantad naman kasi na *term extension* at pangungunyapit

sa poder lang ang totoong intensyon ng kampo ni Bongbong sa pagsusulong ng Cha-cha. Nag-resign sa huli si Sara mula sa pagiging kalihim ng Department of Education (DepEd) at bise ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC). Pero nanatili siyang bise-presidente, bilang huling kapit sa inaakala niyang *magic* sa paghalinhin kalaunan sa poder.

Nagbangayan sa harap ng publiko sina Bongbong at Digong. Nagparatangan kung sino ba ang mas adik sa droga sa kanilang dalawa. Ipinasara ng HOR ang SMNI na nagsilbing *media outfit* ng mga maka-Duterte, at hinayaang tugisin ng mga awtoridad ang pinuno nitong si Apollo Quiboloy. Pinagpiyansa naman ang numero unong kritiko ni Duterte sa kanyang *drug war*, si Senador Leila De Lima, at nagpahiwatig si Bongbong ng kabukasan na malitis ng International Criminal Court (ICC) si Duterte sa kanyang mga krimen sa drug war.

Pero mapapansin din ang pagtitimpi ng kampong Marcos-Romualdez. Tinatantya rin nito kung gaano pa ba ka-impluwensyal ang kampong Duterte sa militar at ano ang posibilidad ng mga alingasngas ng bantang pagtalikod ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa kanyang *commander-in-chief.* Hindi kayang irisgo ng kampong Marcos-Romualdez na mawala ang katapatan ng AFP, laluna't mistulang katambal ito ng pagtangkilik ng US sa pagka-presidente ni Marcos Jr.

Sa totoo lang, dumadausdos ang kredibilidad pareho ni Bongbong at Digong. Hindi na makapagtipon si Duterte ng malaking crowd sa mga pagtatalumpati nito, habang malaki naman ang ibinaba ng *trust and approval ratings* ni Marcos sa huling survey ng Pulse Asia. Bumagsak din ang kay Sara Duterte, bagaman hindi kasing-laki ng kay Bongbong. At dito krusyal para kay Bongbong ang pangangayupapa nito sa pabor ng US at pagbibigay-daan na maarmasan ng US ang AFP.

Samantala, nag-uurong-sulong si Marcos sa tindig nito sa umuungos na imbestigasyon ng ICC. Pumuposisyon siya na wala pa ring hurisdiksyon ang ICC sa Pilipinas, at hayaan na lang daw gumana ang sistemang hudisyal at pulis militar. Mistulang alas pa rin ito ng kanyang kampo laban sa pangkating Duterte, na patuloy niyang kinikipkip sa kanyang dibdib.

Isa pang baraha ng kampong Marcos-Romualdez ang Cha-cha. Magaspang ang kanilang galaw sa nangyaring pag-alis kay Miguel Zubiri bilang Senate President at pag-posisyon kay Chiz Escudero na kapalit. Bagamat may kritisismo si Chiz sa Cha-cha, naseguro pa rin ng kampong Marcos-Romualdez na magpapatuloy ang deliberasyon para rito. Ito ay dahil ang tindig ni Chiz bilang Senate President ay maging bukas lang sa anumang mapagkasunduan sa Senado.

Mahalagang usapin ang Cha-cha para sa kampong Marcos-Romualdez, hindi dahil sa pagkukumahog nitong buksan ang bansa sa dayuhang pamumuhunan. Mistulang palabas at panglihis lang ng atensyon ang argumento na para sa ekonomiya ang Cha-cha; alam ng gobyernong Marcos Jr na hindi na kailangan ang Cha-cha para todong buksan ang ekonomiya. Ang totoong motibo ng kanilang pagtutulak ay ang pagkakamit ng proseso ng Cha-cha na sa kalaunan ay maaaring ilapat sa mga probisyong politikal, kasama na ang term extension.

Pangatlo, pumapasok na sa modang eleksyon ang naghaharing paksyon at kanyang mga politiko para sa 2025, pero hindi pa rin nabubura sa isip ng mamamayan ang pinakamasahol na eleksyong naranasan ng Pilipinas noong 2022. Malawakang dayaan, nakawan at bilihan ng boto, disimpormasyon at panlilinlang, pagtanggal ng karapatang bumoto, paglabag sa karapatang-pantao, at marami pang kahindik-hindik na karanasan – higit pa rito, ang resultang pagbabalik ng mga Marcos sa Malacañang sa ganitong kasahol na sirkumstansya.

Dumausdos ang kredibilidad ng eleksyon sa bansa sa pinakamababa nitong antas sa kasaysayan. Kasama na rito ang kasalatan ng matitinong mapagpipilian. Hindi naman kasi isyu ng ekonomiya at mamamayan, patakarang panlabas o karapatang pantao ang inaatupag ng mga tradisyonal na politiko (trapo), kundi ang sari-sariling ambisyon at karera.

Maaga pa, lumulutang na ang mga pangalan ng posibleng kakandidato para sa eleksyon 2025. Nasasaksihan na rin ang mga hanayan, balimbingan, at pagbubuo ng oportunistikong mga alyansa. Pawang mga karakter ng politika sa bansa.

Halimbawa, balak dumikit ng Probinsya Muna Development Initiative ni Manny Pacquiao (PROMDI) sa Partido Federal ng Pilipinas (PFP) ni Marcos. Bago naman nito, pinormalisa ang alyansa ng PFP at Lakas-CMD ni Romualdez para sa pagpapalaki ng pwersa ng administrasyon. Pinirme rin ng PFP at Nationalist People's Coalition (NPC) ng oligarkong si Villar ang Alyansa Para sa Bagong Pilipinas. Nagkakahugis na ang tiket ng administrasyon. Anupaman, walang kurap na sinabi ni Martin Romualdez na dapat pro-Cha-cha ang mga kandidato ng administrasyon.

Pang-apat, ipinagpatuloy ni Marcos Jr ang mga mapanupil na patakaran ng tiranikong si Duterte at pinatindi ang paglabag ng karapatang pantao. Mas masahol ito kaysa presidenteng siga at palamura, dahil sa kabila ng kaniyang pasistang nakaraan, nagpopostura pa si Marcos Jr. sa harap ng United Nations at mga diplomatiko na rumerespeto siya kuno sa karapatang pantao.

Ang totoo, sinasalubong ng dahas at inarmasang batas ang pagtindig ng mamamayan para sa kanilang mga karapatan. Sa tala ng grupong Karapatan, mula Hulyo 2022 hanggang Hunyo 2024, nasa 104 ang biktima ng *extrajudicial killing* (EJK), 75 ng *frustrated* EJK, 12 ng *enforced disappearance*, 28 ng *torture*, 236 ng *illegal arrest without detention*, 145 ng *illegal arrest and detention*, 566 ng *illegal search and seizure,* at 80 ng *physical assault and injury*.

Halos 17,000 ang biktima ng demolisyon; 42,426 ng *forced evacuation*; 3,419,044 ng *threat, harassment, intimidation*; 63,378 ng *indiscriminate firing*; at 44,065 ng *bombing*. Laganap ang paggamit ng militar sa mga pampublikong lugar (7,780 kaso); at ang pagbawal o marahas na dispersal ng mga aksyong masa, pampublikong asembliya at pagtitipon (3,511 kaso).

Sa ilalim ni Marcos Jr, tumindi ang atake sa mamamayan ng Anti-Terror Council (ATC) na binuo sa ilalim ng Anti-Terror Law (ATL) sa panggigipit sa mga *non-government organizations* (NGO) na nagseserbisyo sa mga komunidad. Katuwang ng ATC ang Anti-Money Laundering Council (AMLC) sa pag-*freeze* ng *bank accounts* at *assets* ng mga NGO batay sa mga gawa-gawang akusasyong nagpopondo at nagbibigay ng suportang materyal ang mga ito sa mga terorista. Ayon sa alyansang DefendNGOs, nasa 59 *development workers* at 21 NGOs o networks sa buong bansa ang hinaharas

gamit ang mga imbentong kaso na iniuugnay sa terorismo. May apat pang naitalang *NGO workers* ang pinagbintangang nakipagbarilan diumano sa mga sundalo o *security guard.*

Isang malaking kabalintunaan ang pagka-freeze ng bank account ng Leyte Center for Development (LCDe), nang walang paliwanag. Mahigit 16,000 katao mula sa 2,800 pamilya sa 11 benepisyaryong barangay ang napagkaitan ng serbisyo sa pinakahuli nitong proyekto. Kumaharap din sa *harassment* at mga gawa-gawang bintang ang Paghidaet sa Kauswagan Development Group (PDG). Nasa 3,300 benepisyaryo ang napagkaitan mula sa 655 pinakamahirap na sambahayan sa Negros. Apektado rin ng takot at pag-aagam-agam ang *morale* at kakayahan ng mga komunidad, habang nag-aalala rin ang mga taga-suporta ng PDG na baka sila naman ang sunod na balingan dahil sa pagpapahayag ng suporta sa PDG.

Nagpapanggap na demokrasya ang Pilipinas, bago pa man ang panahon ni Marcos Jr – elitistang demokrasya kunsaan yumayaman ang mayaman at naghihirap ang mayorya; elektoral na demokrasya kunsaan sa bulok na eleksyon nahahalal ang mamumuno. Isang patunay si Marcos Jr na ganito nga ka-peke ang demokrasya sa bansa. Pero bago pa man ang kanyang panahon, naigiit na ng mga NGO, development workers, at aktibista ang kanilang lugar sa progresibong pag-gogobyerno. Kaya naman mas masahol ang kalagayan ngayon, kasi maski ang limitadong demokrasyang iyan ay hinuhubaran na ni Marcos Jr ng pagpapanggap. Lantaran na ang panunupil.

Panlima, sagadsarin ang pagkatuta ng rehimeng Marcos Jr sa US, kesehodang kaladkarin ang Pilipinas sa gera ng US. Walang katulad ang yugto ng krisis ng pandaigdigang ekonomiya na pinaghaharian ng US. Walang katulad ang kabangisan ng imperyalistang gera sa ngayon. Wala ring katulad ang pagpapasakop ng gobyernong Marcos Jr – matindi ang pansariling interes nito, at ito ang ginagawa niyang patakarang panlabas. Mangangailangan ang kasahulang ito ng hiwalay na diskusyon.

4 Ano ang katangian ng pagpapakatuta ng rehimeng Marcos Jr sa US?

Sa unang taon pa lang ni Marcos Jr, nakapagbalik-loob na siya sa US, at nakuha na ng US ang gusto nito. (*Basahin ang IBON Praymer July 2023, "Ang Budol ng Taon"*)

Ibinigay ni Marcos Jr ang apat na bagong agreed locations para sa mga kagamitan at tropang militar ng US sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA). Dagdag sa lima na dati nang ibinigay ni Duterte. Pumayag si Marcos Jr na maging isa ang Pilipinas sa apat na bansa kabilang ang Guam, Japan at Australia na may mga kulumpon ng base-militar na magsisilbing lunsaran ng pwersang militar ng US. Pumirma ito sa US-PH Bilateral Security Guidelines bilang pagpapatibay ng alyansa sa rehiyon sa usapin ng seguridad. Pinayagan nito ang pagdaos ng pinakamalaking *Balikatan US-PH joint military exercises* sa bansa.

Nakuha ng US ang militaristang adyenda nito – ang pagtibayin ang alyansa at paghahari nito sa rehiyon sa harap ng kanyang kompetitor, ang China. At walang hunosdiling sumasali sa panganganti ng US sa China ang naarmasang sandatahang lakas ng Pilipinas. Tinapatan ng US at Pilipinas ng *joint patrol* ang *naval and air forces patrol* ng China sa West Philippine Sea (WPS). Nagdaos ng *joint exercises* ang US, Japan at Australia sa WPS. Nagbanggaan ang mga barko ng China at Pilipinas, at pinalayas ng China ang mga Pilipinong sundalo sa pinag-aagawang Scarborough Shoal.

Ang huling nabanggit ang todong pinalalaki ng US at gobyernong Marcos Jr sa kanilang *media campaign* para mag-pokus lang dito ang publikong Pilipino, magpaypay ng sentimiyentong anti-China, magpatimo ng rasistang pananaw, at pagtakpan ang kasakiman at kabangisan ng imperyalismong US.

Delusyon na isipin na ipinagtatanggol ng US ang Pilipinas at teritoryo nito laban sa China. Ang totoo, ginagamit ng US ang isyu ng pagigiit ng soberanya ng Pilipinas para lang kantiin at gipitin ang China sa kanilang girian sa kalakalan at tumitinding kompetisyon para sa rekurso. Estratehikong lokasyon ang WPS, lagusan ito ng 60% ng kalakalan sa buong mundo,

kabilang ang sangkatlo ng internasyonal na pagbiyahe ng ginto. May 12.2 trilyong *cubic feet* ng *natural gas* at 6.2 bilyong bariles ng langis sa mga pinagtatalunang teritoryo, kalakhan sa Reed Bank sa hilagang-dulo ng Spratlys Islands. Ang langis nito ay katumbas na ng lagpas tatlong siglong pangangailangan sa enerhiya ng China at ng US. Pero kung sa Pilipinas ay kaya nitong tugunan ang pangangailangan sa langis sa loob ng lagpas 130 na siglo.

Naitulak ng US ang militaristang adyenda nito, nakuha rin niya ang pang-ekonomiyang interes. Buong-payag ang gobyernong Marcos Jr na maging bahagi ang Pilipinas sa *supply chains* ng US, habang ang huli ay nagpapalakas ng industriya para manatiling *super-power* sa pandaigdigang ekonomiya. Binuksan ni Marcos Jr ang 100% dayuhang pagmamay-ari sa renewable energy dahil walang duda na iyan ang target ngayon ng US. Pinaghuhusay ng gobyernong Marcos Jr ang pribadong pagpapaunlad ng imprastraktura para masigurong maging kaaya-ayang lokasyon ang Pilipinas ng supply chains ng US.

Liberal na ekonomiya at palengke, liberal na pagpasok ng dayuhang kapital at produkto, mababang buwis sa korporasyon at yaman ng mga bilyonaryo, mataas na buwis sa mayorya, murang materyales, murang lakas paggawa – ito ang kapalit na handog ng rehimeng Marcos Jr.

Sa Indo-Pacific Economic Framework for Prosperity (IPEF) inilista ng US ang kanyang mga *strategic industries* na mangangailangan ng supply chains mula sa rehiyon. Susing pusod ng IPEF ang Pilipinas, at makikita ito sa pagpunta ng US Trade Mission at pagdaos ng Indo-Pacific Business Forum sa bansa. At katulad ng nabanggit, dito nagpakitang-gilas si Marcos Jr, na hindi naman na kailangan kasi nasa Pilipinas na nga ang porum. Nangako siya ng mga dagdag na patakaran para lalong mapadulas ang pamumuhunan, at dito na nga niya ibinida ang MIF, CREATE More, Ease of Doing Business, at pati Green Lanes for Strategic Investments. Dito na rin niya inilako ang mga IFPs.

Kaugnay ng IPEF ang Luzon Economic Corridor na nabanggit, na sa pakikipag-ugnayan sa Japan ay naglalayon na mabuhusan ng pamumuhunan ang high-impact infrastructure projects at supply chains partikular sa *semiconductors*, *agribusiness*, at clean energy. Mahalaga ang

ambag ng Pilipinas dito – mahalagang hilaw na materyales sa teknolohiya ng clean energy ang *nickel*, at ang Pilipinas ang pangalawang pinakamalaking prodyuser ng nickel sa buong mundo.

Wala sa karanasan ng Pilipinas na nakinabang ito sa dayuhang pamumuhunan (FDI), maski ng US. Noong 2023, ang US ang may pang-apat na pinakamalaking bahagi sa FDI sa bansa sa US$113 milyon, sunod sa Japan (US$849),Singapore (US$183 milyon) at Germany (US$150 milyon). Ito ang may pangalawang pinakamalaking imbak na FDI sa bansa sa US$18.4 bilyon sunod sa US$29.1 bilyon ng Japan. Sa Top 1,000 corporations, 23.3% ng kabuuang kita sa manupaktura ng TNCs ay US TNCs. Pero dumausdos lang ang bahagi ng manupaktura sa ekonomiya at empleyo, at walang lokal na industriya ang naitatag.

Wala rin sa karanasan ng Pilipinas na nakinabang ito sa dayuhang kalakalan. Naiwan lang ang Pilipinas na bangkarote sa kronikong depisito sa kalakalan. Numipis lang ang agrikultura nito bilang bahagi ng ekonomiya sa pinakamaliit sa kasaysayan, at naging palaasa sa imported na produktong agrikultural. Napunta lang ang pakinabang sa mga dayuhang *exporters* na gumamit ng lokasyon, murang imprastraktura, murang materyales, at murang lakas paggawa.

Maski pa pinapakita ng mga datos na may sarplas sa kalakalan sa pagitan ng US at Pilipinas, hindi ibig sabihin nito na nakinabang ang mga lokal na prodyuser at ang lokal na ekonomiya. Noong 2023, mahigit 60% ng export mula Pilipinas tungong US ay mga components katulad ng *electronics, ignition wiring sets, machinery* at *transport equipment*, na pawang mga produkto ng mga dayuhan sa export processing zones at walang kontribusyon sa lokal na industriya. Ito ang ibig sabihin na pagiging bahagi lamang ng supply chains ng US.

5 Ano ang malinaw na programa na dapat ipagpunyagi ng mamamayan?

Humaharap sa ibayong krisis, atake at panunupil ang mamamayan. Napapanahon ang pagbubuo ng programa na may malayo at malinaw na perspektiba, na tunay na mag-aahon sa mayorya mula sa masahol na kalagayan.

Unahin na natin ang pagpapaunlad ng mga esensyal na sektor ng agrikultura at manupaktura. Dito nakasalalay ang tunay na pag-unlad ng lokal na ekonomiya at paglikha ng makabuluhang trabaho para sa lahat. Dito rin nakasalalay ang pagkakamit ng seguridad sa pagkain, pagtatayo ng mga lokal na industriya, at pagkakaroon ng kakayahang lumikha ng mga batayang pangangailangan at serbisyo. Kaakibat nito ang pagkakaroon ng balanseng paggamit ng likas-yaman at kapaligiran para sa layunin ng reporma ng agraryo at pambansang industriyalisasyon.

Kasunod nito ang pangangalap ng pondo para maisakatuparan ang programa. Una na riyan ang redistribusyon ng kita at yaman para pasiglahin ang paglago ng ekonomiya at pahusayin ang kagalingan ng mamamayan. Dapat ding ituon ang pamumuhunan, pampubliko man o pribado, sa mga produktibong sektor na lilikha ng matagalan at makabuluhang trabaho. Maski ang pangungutang, kung kinakailangan, ay dapat nakahanay sa ganitong perspektiba.

Pangatlo at higit sa lahat, dapat palakasin ang estado nang makapaglaan ito ng substansyal at matibay na interbensyon at suporta sa lokal na produksyon, ekonomiya at panlipunang serbisyo. Esensyal dito ang pagkakaroon ng patakarang panlabas, na nagpapahalaga sa soberanya ng bansa, malaya sa dikta ng dayuhan, at nagsasarili sa paglatag ng plano para sa pang-ekonomiya at panlipunang pag-unlad. Palakasin ang mga pampublikong institusyon para rito. Gawing patakaran ng pamahalaan ang demokratikong pagpaplano kunsaan nakalalahok ang lahat ng sektor, laluna ang mga manggagawa, magsasaka at maralita.

May mga kongkretong hakbang patungo sa programang ito, na pinalalawak at hindi tinatantanan ng mga nakikibakang mamamayan. Una na riyan

ang pakikibaka para sa nakabubuhay na sahod. Napatutunayan na isang positibong hakbang ito sa pagkakamit ng iba pang mga karapatan sa paggawa, na esensyal sa pagtatatag ng mga masisiglang lokal na industriya.

Kasinghalaga ng disenteng pasahod ang pagkakaroon ng libreng pamamahagi ng lupa at pagkakaroon ng substansyal na suporta ng estado sa produksyong agrikultural, kasama na ang pagbibigay suporta sa likas-kayang pagsasaka at paneguro sa harap ng mga kalamidad. Ipinapanawagan din ang pagtigil ng importasyon ng mga produktong agrikultural at pagkain, laluna ng bigas, para bigyang proteksyon ang lokal na industriya. Tuloy-tuloy din ang pagtutol sa pangangamkam at pag-agaw ng lupa, reklamasyon, at kumbersyon na isinasagawa ng mga oligarko.

Nariyan din ang paniningil sa gobyerno na humarap sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin at gumawa ng mga tiyak na hakbang para puksain ang mga monopolyo at kartel. Sa kabilang banda, nariyan din ang pakikibakang tigilan ang pambabarat sa produkto ng mga lokal na prodyuser, laluna ng mga magsasaka at mangingisda at maliliit na negosyante.

Malawak na larangan din ng pakikibaka ang pambansang badyet, kunsaan kagyat na ipinapanawagan na ilaan ang mga pondo ng walang kwentang imprastraktura, militarisasyon at pambayad-utang sa panlipunang serbisyo at proteksyon. Ipinapanawagan din na magpatupad ng isang *billionaire wealth tax* ang pamahalaan sa eskandalosong agwat ng mayaman at mahirap sa bansa. Mahabang pakikibaka na rin ang panawagan para sa progresibong pagbubuwis kunsaan dapat patawan ng karampatang buwis ang mga dayuhang kapitalista at kanilang mga produkto, korporasyon at mayaman, habang alisin ang pagbubuwis sa konsumo ng mahihirap.

Sa tindi ng kahirapan, walang humpay ang pakikipagtunggali na dapat ipagpatuloy ang substansyal na ayuda sa pinakamahirap, mga mala-manggagawa, at maliliit na prodyuser at negosyante. Ipinapanawagan ang pagpondo sa mga pampublikong eskwelahan, ospital, at pangmasang pabahay, at ang pagtigil ng pribatisasyon at komersyalisasyon ng mga pampublikong yutilidad tulad ng tubig, kuryente, transportasyon, telekomunikasyon, at iba pa. Itigil din ang demolisyon ng mga pamayanan na walang matinong plano sa relokasyon, kabuhayan at panlipunang serbisyo.

Sa dulo, pakikibaka ng sambayanan ang pagbasura sa mga batas, patakaran at kasunduang neoliberal na nagsuko sa ating soberanya at kakayahan na magkaroon ng maka-bansa at maka-mamamayang modelo ng pag-unlad. Mapagpasyang nilalabanan ng sambayanan ang elitistang pamumuno, katiwalian, represyon, panunupil, atake at paglabag sa karapatang pantao. Sa araw-araw itinatakwil ng mamamayan ang mapanlinlang, mapanupil, mandarambong, pahirap at papet na rehimeng Marcos Jr.

Sinumang kandidato sa darating na eleksyon 2025 na hindi tumatalakay ng malinaw na perspektiba ng mamamayan ay hindi karapatdapat maski ng katiting na atensyon. Bibihira naman ang darating para sa atin, sapagkat sa huli, ang solido, malawak at malakas na kilusang masa lamang ang magtatawid sa atin sa magandang kinabukasan.